



## WORD

<sup>7</sup>"Pinili kayo ng Panginoon at minahal hindi dahil mas marami kayo sa iba pang mga mamamayan, dahil kayo pa nga ang pinakakaunti sa lahat. <sup>8</sup>Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo at tinutupad niya ang kaniyang ipinangako sa inyong mga ninuno. Iyan ang dahilan na inilabas niya kayo sa Egipto sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, at pinalaya sa pagkaalipin sa Faraon na hari ng Egipto. <sup>9</sup>Isipin ninyo na ang Panginoon na inyong Diyos ay iisang Diyos. Matapat siya at tinutupad niya ang kaniyang kasunduan hanggang sa mga salinlahi ng mga nagmamahal sa kanya at sumusunod sa kaniyang mga utos." **DEUTERONOMIO 7:7-9**

Sa aklat ng Deuteronomio, ibinigay ng Diyos ang kanyang mga bilin at alituntunin sa Kanyang mamamayan bilang paghahanda sa kanilang pagpasok sa Lupang Ipinangako. Ipinangako ng Diyos ang pagpapala sa Kanyang mamamayan at na tutuparin N'ya ang pangakong ito hindi dahil sa kung sino sila o kung ano man ang kanilang ginawa kundi dahil sa kung sino Siya. Sa parehong paraan, pinagpapala tayo ng Diyos hindi dahil tayo ay karapat-dapat na tumanggap ng kaniyang pagpapala kundi dahil Siya ang ating mapagmahal na Tagapaglikha, Siya ay matapat na tumutupad sa pangako, at Siya ang Makapangyarihang Diyos. Sa araling ito, ating tutukuyin kung bakit tayo nakakatanggap ng mga biyayang pinangako ng Diyos sa ating buhay.

### 1 Tayo ay pinagpala dahil sa pag-ibig ng Diyos.

<sup>7</sup>"Pinili kayo ng Panginoon at minahal hindi dahil mas marami kayo sa iba pang mga mamamayan, dahil kayo pa nga ang pinakakaunti sa lahat. <sup>8</sup>Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo at tinutupad niya ang kaniyang ipinangako sa inyong mga ninuno. Iyan ang dahilan na inilabas niya kayo sa Egipto sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, at pinalaya sa pagkaalipin sa Faraon na hari ng Egipto." **DEUTERONOMIO 7:7-8**

Dahil sa pagmamahal ng Diyos sa atin, pinili Niyang tayo ay pagpalain. Ang Kanyang pagmamahal, pagiging mapagbigay, at kabaitan ang dahilan ng mga pagpapala. Ang buong katotohanan ay lahat tayo, gaya ng mga Israelita, ay mahirap mahalín at hindi karapat-dapat tumanggap ng pag-ibig ng Diyos. Para sa 'yo, ano ang ibig sabihin ng pagbigay ng Diyos ng Kanyang pag-ibig sa 'yo? Sa paanong paraan ka napagtitibay at napatatag ng walang-kabiguan at walang-hinihinging-kapalit na pag-ibig sa 'yo ng Diyos?

### 2 Tayo ay pinagpala dahil sa katapatan ng Diyos.

<sup>8</sup>"Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo at tinutupad niya ang kaniyang ipinangako sa inyong mga ninuno. Iyan ang dahilan na inilabas niya kayo sa Egipto sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, at pinalaya sa pagkaalipin sa Faraon na hari ng Egipto. <sup>9</sup>Isipin ninyo na ang Panginoon na inyong Diyos ay iisang Diyos. Matapat siya at tinutupad niya ang kaniyang kasunduan hanggang sa mga salinlahi ng mga nagmamahal sa kanya at sumusunod sa kaniyang mga utos." **DEUTERONOMIO 7:8,9**

Ang Diyos ay hindi tulad nating mga tao. Kapag Siya ay nagbitiw ng pangako, ito ay Kaniyang tutuparin gaano man ito kahirap o gaano man katindi ang kawalan ng pananampalataya ng mga tatanggap ng Kanyang ipinangako. Tayo ay Kanyang pinagpapala hindi dahil sa ating mga ari-arian o katayuan sa buhay kundi dahil sa pinili ng Diyos na ipakita ang Kanyang kabutihan sa atin. Dahil Siya ay tapat, Kanyang tutuparin ang ano mang kasunduan – hanggang sa ilang libong henerasyon. Paano ipinapakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa iyo at sa iyong pamilya?

### 3 Tayo ay pinagpala dahil sa kapangyarihan ng Diyos.

"Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo at tinutupad niya ang kaniyang ipinangako sa inyong mga ninuno. Iyan ang dahilan na inilabas niya kayo sa Egipto sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan, at pinalaya sa pagkaalipin sa Faraon na hari ng Egipto." **DEUTERONOMIO 7:8**

Walang sinuman ang makapagliligtas at makapagpapala sa mga Israelita gaya ng ginawa ng Diyos. Sila ay pinalaya ng Diyos mula sa Ehipto at tinubos sa pagka-alipin sa pamamagitan ng mga himala na nagpakita ng Kanyang kapangyarihan. Ang mga Israelita ay naligtas at pinagpala dahil sa kapangyarihan ng Diyos, at hindi kailanman dahil sa kanilang mga nagawa. Tayo man ay naligtas dahil sa sakripisyo ni Jesus sa krus at nakatanggap ng lahat ng uri ng pagpapala na mula kay Kristo. (Ephesians 1:3). Sa paanong paraan tayo nagmistulang mga alipin gaya ng mga Israelita at sa paanong paraan tayo binago ng Diyos?